

Klasipikasyon ng bahay

● Partially damaged ang bahay kung:

1. Bahagi lamang ng bahay ang nasira
2. Maaari at ligtas pa na tirhan ang nasirang bahay
3. Maaari pa na ma-repair ang bahay



● Totally damaged ang bahay kung:

1. Hindi na magagamit ang mga sumusunod na parte ng bahay:
 - Bubong
 - Dingding
 - Poste
 - Sahig
 - Beams
2. Ang buong bahay ay nasira at hindi na ligtas na tirhan.



 **MAAGAP** *at*
MAPAGKALINGANG
SERBISYO!

  
@dswdfo5



0951-106-5172 | 0949-132-6593



www.fo5.gov.ph



fo5@dswd.gov.ph

#DSWDMayMalasakit



Mga dapat malaman
tungkol sa programang

Emergency Shelter Assistance



Ano ang ESA?

Ang Emergency Shelter Assistance (ESA) ay bahagi ng recovery program ng DSWD. Ito ay tulong pinansyal na ibinibigay sa mga pamilya na ang bahay ay lubusang nasira dahil sa kalamidad.

Layunin ng ESA na mabawasan ang bulnerabilidad ng mga indibidwal na nakaligtas sa kalamidad sa pamamagitan ng pag-bibigay ng pinansyal na tulong upang maipaayos ang mga nasirang bahay.

Benepisyo

Ang halaga ng tulong na maaaring makuha sa ilalim ng ESA ay naka-depende sa halaga ng pondo na mula sa Central Office.



Benepisyaryo

- Ang bahay ay partially o totally damaged dahil sa kalamidad;
- Hindi nakatanggap ng shelter assistance mula sa ibang ahensya ng gobyerno, NGOs, at INGOs; at
- Kasama sa masterlist ng LGU base sa Disaster Assistance Family Access Card (DAFAC)

Dokumentong Kailangan

- Para sa mga benepisyaryo, ang mga sumusunod na dokumento ay kailangan:
 1. ESA Form
 2. Barangay Certificate na nagpapakita kung ang bahay at partially o totally damaged
 3. ID ng benepisyaryo
- Para sa LGU, ang mga sumusunod na dokumento ay kailangan:
 1. Disaster Report
 2. Project Proposal
 3. ESA Forms na certified at validated ng LSWDO at na-validate ng C/MAT
 4. Masterlist ng mga benepisyaryo

Authorized Representatives (ARs)

Ang authorized representatives (ARs) ay mga indibidwal na maaaring kumuha ng cash assistance sakaling wala ang benepisyaryo para mag-claim. Maaaring maging authorized representative and mga sumusunod:

- Magulang
- Asawa
- Anak na lagpas 18 taong gulang
- Kapatid
- Lolo/Lola
- Pamangkin
- Tiyahin/Tiyuhin

Dokumento na dadalhin ng mga ARs

Ang mga sumusunod na dokumento ay kailangang dalhin ng authorized representative:

1. Authorization letter na may pirma ng benepisyaryo
2. Valid ID ng benepisyaryo (photocopy at original) na mayroong pirma
3. kopya ng ID ng authorized representative